

## Paghahanda ng isang Emergency Kit

---

Dapat palaging magtanong ang direct support professionals (DSPs) sa kanilang organisasyon para maunawaan ang kanilang mga gabay para sa paghahanda sa emergency. Ang tip na ito ay nagdedetalye sa pangunahing mga item na isasama sa anumang emergency kit. **Tiyakin na tingnan at palitan ang na-expire na pagkain at mga medikasyon sa inyong supply kit bawat anim na buwan.**

### Mga Item na Isasali:

- Tubig: isang galon para sa bawat tao, para sa bawat araw (maghanda ng pang-3 araw na supply para sa paglikas at pang-2 linggo na supply para sa bahay)
- Pagkain: hindi nasisirang pagkain tulad ng de-latang beans, mga gulay, atbp. (maghanda ng pang-3 araw na supply para sa mga paglikas, pang-2 linggong supply para sa bahay). Isama ang mga item ng pagkain para sa mga taong pinayuhan ng mga limitasyon sa pagkain.
- Mga flashlight at mga ekstrang baterya (tiyakin na suriin bawat anim na buwan kung gumagana ang mga baterya)
- First aid kit
- N95 o mga surgical mask
- De-bateryang radyo
- Mga medikasyon at mga medikal na item (maghanda ng pang-7 araw na supply para sa bawat taong sinusupportahan)
  - *Ang mga medikasyon ay dapat nakalagay sa isang nakakandadong bag o sisidlan*
- Mga item para sa sanitasyon at personal na kalinisan
- Mga kopya ng mahalagang personal na mga dokumento (medikal na impormasyon, patunay ng address, mga pasaporte, mga birth certificate, mga polisa sa insurance, atbp. para sa bawat tao)
- Cell phone na may charger
- Impormasyon sa pagkontak sa emergency para sa bawat tao
- Ekstrang pera
- Pang-emergency na mga kumot
- Mapa ng bayan o lugar
- Ekstrang set ng mga susi ng bahay at sasakyan
- Ekstrang damit para sa bawat tao
- Mga pangginhawang item tulad ng games, mga baraha, o mga stuffed toy

## Tool

### Karagdagang Impormasyon:

- Red Cross: <https://www.redcross.org/get-help/how-to-prepare-for-emergencies/survival-kit-supplies.html>
- Department of Homeland Security: <https://www.ready.gov/kit>